

## Kapwa at ang “Church of the Poor”

Aaron C. Reyes

Instructor, Collegio de San Juan de Letran-Bataan  
Graduate Student, Theology and Religious Education Department, De La Salle University, Manila  
aaron\_c\_reyes@dlsu.edu.ph

**Abstrak:** Tinangka ng papel na ito na bigyang bagong kahulugan ang *Church of the Poor* sa pamamagitan ng pakikipagtalaban ng kultural na kategorya ng *Kapwa* at mga kaugaliang iniugnay ni Virgilio Enriquez (1992) dito sa Judyo-Kristiyanong Tradisyon gamit ang paraang Hermenyutiko ng Pagpapahalaga ni Jose M. de Mesa (2003). Sa papel na ito makikita ang pagkakatulad ng diwa ng kultural na kategorya ng *Kapwa* sa diwa ng salita at gawa ni Jesus na siyang ating batayan kung paano maging *Church of the Poor*. Ipinapakita rin nito na dahil sa ugnayan at pagkakaparehong ito ng dalawa, itinatama at itinataas ni Jesus ang halaga ng nasabing kategorya at mga kaugalian. Ganoon din naman, ang mga kategoryang ito ay nagbibigay ng mas malalim at mas may talab na pagkaunawa kay Jesus at sa kung ano dapat ang Simbahan ayon sa diwa ng kanyang salita at gawa. Mula dito nagmungmungkahi ang papel na ito ng bagong pag-unawa sa kung ano ang *Church of the Poor* ayon sa ating kultura: *Ang Samahang-Kristiyanong Nakikipagkapwa sa Dukha*.

**Keywords:** Church of the Poor; Kapwa; Inculturation; Hermeneutics of Appreciation; Ecclesiology

### 1. PANIMULA

Noong ika-21 ng Enero 1991, naganap ang Ikalawang Konseho Plenaryo ng Pilipinas o Second Plenary Council of the Philippines na mas kilala sa tawag na PCP II. Ang *Church of the Poor* ang siyang ginamit ng PCP II upang ibansag sa kanilang tinipon, pinagnilayan at binigyang kahuluhang mga aral ng Vatican II tungkol sa mga dukha at sa pagpapanibago ng lipunan (Bacani, 2005).

Ayon kay Obispo Theodoro Bacani (2005) maraming salik ang nakatulong upang mabuo ang nasabing pananaw. Nariyan ang impluwensya ng pagtitipon ng CELAM sa Medellin at Puebla, mga aral ng *Liberation Theology* na galing din sa Latin-America, ang karanasan ng kahirapan at pakikibaka ng mga Pilipino lalo na noong panahon ng Batas-Militar, at ang mapayapang paghihimagsik sa EDSA.

Subalit kung susuriing mabuti, maaari nating sabihin na hindi nagamit nang husto sa mga pahayag na ito ang mga kaugalian at kategoryang Pilipino na maaari sanang mas magpatindi ng talab ng mga pahayag na ito. Totoong nabanggit sa ilang

bahagi ng PCP II ang papel na ginagampanan ng kultura at kaugaliang Filipino sa kalagayan ng ating lipunan ngayon. Halimbawa, sa bahagi kung saan sinusuri ang kalagayang kultural at panlipunan ng bansa, nabanggit na ang maling pag-unawa ng mga kaugaliang Filipino at wala sa lugar na pagsasabuhay nito ang isa sa mga sanhi ng paghihirap at pagiging dukha ng marami, at ang pagbabago naman sa mga balangkas ng lipunan ay hindi sapat kung hindi magkakaroon ng pagbabago sa mga kaugaliang Filipino (PCP II, 20). Subalit sa pagbibigay katwiran naman sa konsepto ng *Church of the Poor*, ginamit na lang ng PCP II ang mga konsepto ng “*evangelical poverty* (de Mesa, 2008, pp. 7-8),” “*mystical body* (Wostyn, 1999, p.39),” “*liberation* (Dulles, 1987, p. 56),” at iba pa. Bagamat hindi mali at maraming magagandang punto ang mga banyagang kategoryang nabanggit, hindi rin naman nangangahulugang naipaliliwanag nito nang mabuti at mas may talab sa karaniwang Filipinong Katoliko ang ideyang *Church of the Poor*. Kaya naman maitatanong natin na kung sinasabi ng PCP II na ang isyu ng lipunan ay isyu rin ng kultura (PCP II, 20) at kung isa sa mga layunin ng *Church of the Poor* ay ang pagpapanibago ng

lipunan, hindi ba't marapat lamang na ang mga paraan, konsepto, kategorya, dulog, pamantayan at kaugaliang kultural din ang isa sa mga dapat kasangkapanin upang ipaliwanag at isakatuparan ang magandang adhikain na *Church of the Poor*? At kung ang *Church of the Poor* ay naglalayon ng mas ibayong pakikibahagi ng layko, ng mga karaniwang Katoliko, lalo na ang mga dukha sa mga pagninilay ng Simbahan sa Pilipinas (PCP II, 132), hindi ba't mas lalong higit na kailangang maipahayag ang teolohiya ng *Church of the Poor* sa paraang ayon sa kultura at pang-unawa ng mga karaniwang Filipinong layko?

## 2. PAMAMARAAN

Bilang pagtugon sa suliraning ito, sinubukan ng papel na ito ang magteolohiya tungkol sa *Church of the Poor* gamit ang isang kategoryang Filipino at ang paraang Hermenyutiko ng Pagpapahalaga (*Hermeneutic of Appreciation*) ni Jose de Mesa. Tinangka nitong punan ang kakulangan at iayon sa kaisipang Filipino ang konsepto ng *Church of the Poor*, upang sa gayon ay makatulong ito upang mas maging madaling unawain at mas magkaroon ng talab sa ating mga Pilipino ang nasabing pahayag ng PCP II, at sa bandang huli, mas mapag-igting ang pakikibahagi ng mga karaniwang Filipinong Katoliko, lalo na ng mga dukha, sa mga pagninilay ng Simbahan at sa mga pagtugon nito sa iba't ibang hamon na hinaharap.

## 3. MGA RESULTA AT TALAKAYAN

### 3.1. ANG TUGON NG KULTURA AT JUDYO-KRISTYANONG TRADISYON SA KAHIRAPAN

#### 3.1.1. Ang Kapwa at mga Kaugaliang Filipino

Inilalarawan ng PCP II ang kahirapan na parang tatsulok. Makipot ang itaas; malawak ang ibaba. Ang makipot na tuktok ang kumakatawan sa iilang nagmamay-ari ng malaking bahagi ng yaman ng bansa at ang malawak na ibaba ang kumakatawan sa napakaraming Pilipino na kailangang maghati-hati sa kakapirasong natitira (PCP II, 34). Ang kalagayang ito ang nagtulak sa mga lumahok sa PCP II na manawagan ng

*Preferential Option for the Poor* at maging *Church of the Poor* ang Simbahan. Sa ganitong kalagayan ng bansa, ano naman ang sinasabi ng ating kulturang Filipino? Sa suliraning ito, tiyak na hihingin sa atin ng ating kultura na ituring na *Kapwa* ang mga dukha at nangangailangan at *makipag-kapwa* sa kanila.

Sa pag-aaral ni Virgilio Enriquez (1992) sa iba't ibang mga pamantayan (Jocano, 1997) at kaugaliang Filipino lumilitaw na ang pinakapuso ng sistema ng mga pamantayan at kaugaliang ito ay ang *Kapwa* (de Guia, 2005). Ayon sa kanya, ang *Kapwa* ay maaaring bigyang kahulugan bilang ang sariling pinaghahatian o *shared identity* (p. 52). Binibigyang kahulugan naman ni Katrin de Guia (2005) ang *Kapwa* bilang ang sariling nakikita rin sa iba. Kung isasalin natin sa Ingles ang salitang *Kapwa*, una nating maiisip ang salitang *Other* (Enriquez, 1992, p. 52). Sa unang tingin ay mukhang wala naman silang pinagkaiba, subalit kung susuriing mabuti, mapapansin natin na mas ipinahihiwatig ng *Other* ang pagkakaiba at mas ipinahihiwatig naman ng *Kapwa* ang pagkakatulad (Enriquez, 1992, p. 54). Ngayon, upang mas maipakita ang lalim ng *Kapwa* at ang halaga nito sa kultura, kaisipan, at pakikisalamuha ng mga Pilipino, atin ding tingnan ang ilang mahahalagang kaugalian at konsepto na iniugnay ni Enriquez dito.

Una nating tingnan ang konsepto ng *Pakiramdam*. Ito raw ay isang damdamin o kaalamang *a priori* (De Guia, 2005, p. 29) dahil hindi ito masyadong nakadepende sa panlabas na karanasan kundi sa damdamin at paghatol na nanggagaling sa kalooban. Ayon naman kay Raj Mansukhani (sa Reyes, 2015) ito rin ay isang pagtatangkang maramdaman kung ano rin ang nararamdaman o kalagayan ng kapwa o kung ano ang nangyayari sa kanyang kalooban. Sinasabi naman ni De Guia (2005) na maaari rin itong tingnan bilang pagtantsa kung anong klaseng tao ang kaharap, at pagiging sensitibo sa mga mga pahiwatig ng mga kilos na walang kaakibat na salita para ipaliwanag ang ibig sabihin nito. Sa lipunang tulad ng Pilipinas, inaasahan ang bawat tao na magkaroon ng *Pakiramdam*. Ito marahil ang dahilan kung bakit pinaghahatiang pananaw o damdamin (*shared perception*) ang *Pakiramdam*, at ang kawalan nito ay nagiging dahilan upang ang isang lipunan o pangkat ay maging malayo ang loob sa taong itinuturing na walang *pakiramdam* (p. 29).

Ang *pakiramdam* ang ginagamit ng isang tao upang malaman kung paano tutugon sa isang sitwasyon at higit sa lahat sa pangangailangan ng *Kapwa*. Ayon kay Enriquez (1992), mauuri sa dalawa kung paano tumutugon ang mga Pilipino. Maaari siyang humarap (*confrontative*) o magbigay (*accommodative*) (pp. 79, 93). Maaaring humarap ang Pilipino sa mga hamon ng buhay nang isinasantabi ang kanyang alinlangan (*Bahala na*) at may *Lakas ng Loob*. Maaari rin niyang harapin ang mga hamon na ito sa pamamagitan ng *Pakibaka* kasama ang kanyang *kapwa* at para sa kanyang *kapwa*. Maaari namang magbigay o magparaya ang mga Pilipino dahil sa *Hiya, Utang na Loob, at Pakikisama*.

Ang *Hiya* ay madalas na iniuugnay lamang sa *kahihyan* (*shame*) at sa pagpapahalaga lamang sa sariling puri. Subalit kung titingnan ang *Hiya* ng may kaugnayan sa *Kapwa*, makikitang kaugnay nito ang angkop na pakikitungo at paggalang sa iba (De Guia, 2005, p. 33). Ayon naman kay Jeremiah Reyes (2015), ang *hiya* ay isang katangian ng kalooban na siyang nagtutulak sa isang tao upang isantabi ang sariling kapakanan para sa kapakanan ng *Kapwa*. Ayon sa halimbawang kanyang ibinigay, sa isang hapag kainan kung saan naroon ang kahuli-hulihang piraso ng ulam, bagama't gustong-gusto na itong kainin, pipigilan ng isang Pilipino ang kanyang sarili sapagkat sa kanyang kalooban ay nakararamdam siya ng hiya sa hindi pa nakakakain (p. 165).

Ang *utang-na-loob* naman ay madalas na ituring na dahilan ng maraming pagsasamantala. Subalit ayon kay de Mesa (2003), ang *utang-na-loob* ay pwedeng mangahulugang pagkilala ng pananagutan sa *kapwa* dahil sa sila ay *kapwa*, kapareho ng dangal, at hindi iba sa sarili. Kaya nga raw, kung ang isang Pilipino ay malagay sa alanganing wala nang ibang lusot kundi ang humingi ng tulong sa iba, sinisimulan niya ang kanyang desperadong pagmamakaawa sa mga salitang "*utang-na-loob*." Ito rin daw ang dahilan kung bakit ang sagot ng mga Pilipino sa mga pulubi at namamalimos kapag wala silang maibigay ay "patatawarin po" bilang pagkilala sa pananagutan o utang na hindi nila natupad sa kanilang *kapwa* (pp. 90-91).

Ang *Pakikisama* naman ay mailalarawan bilang pag-aayon (*adjustment*) ng sarili sa *kapwa*; maaaring sa ugali, sa pangangailangan, sa kakulangan o sa nakasanayan nito. Ang pakikisama

raw ang pinakamataas na antas ng pakikisalamuha sa mga itinuturing pang *ibang tao* (Santiago & Enriquez, 1976). Taliwas ito sa pananaw ng mga naunang nag-aral ng kaugaliang Pilipino (gamit ang perspektibong kanluranin) na ang *Pakikisama* raw ang isa sa mga pinakamahalagang layunin ng ating kaugalian at kultura. Ito ay dahil may mga pagkakataong hindi makikisama ang isang Pilipino lalo na kung mayroon siyang pinaninindigan (Enriquez, 1992, p. 92). Sa huli, kung titingnan natin ang *Pakikisama* kaugnay ang konsepto ng *Kapwa*, maaari nating sabihin na malaking halaga talaga ang ibinibigay ng ating kultura sa ating *Kapwa*, ibang tao man sila o hindi. At bukod doon, masasabi rin natin na ang *Pakikisama* ay nagkakaroon lamang ng kahulugan kung ito ay tungo sa kaganapan ng pakikipagkapwa – ang pakikipagkaisa (Santiago & Enriquez, 1976).

Tingnan naman natin ngayon ang mga kaugalian kung ang isang Pilipino ay handang humarap sa hamon ng buhay. Una na rito ang *Bahala na*. Madalas itong tingnan bilang pagwawalang bahala at pagkawalang-pakialam. Sa kabilang banda, ayon naman kay F. Landa Jocano (1997), maaari rin itong tingnan bilang pagtitiwala sa Diyos (*Bathala na – Bahala na*) (p. 110). Ayon naman kay de Guia (2005), ang kaugaliang ito rin ang nagtutulak sa isang taong harapin ang kawalang-kasiguraduhan ng isang sitwasyon at gawin ang lahat ng makakaya sa harap ng matinding suliranin (p. 31).

Kakambal naman ng *Bahala na* ang *Lakas-ng-Loob*. Ang *Lakas-ng-Loob* ng isang tao raw ay hindi lamang para sa kanyang pansariling kapakanan, kundi para rin sa ikabubuti ng *kapwa*. Kaya nga kaugnay ng *Lakas-ng-Loob* ang *Pakikibaka*. Ang tambalang ito ng *Lakas-ng-loob* at *Pakikibaka* ay kitang-kita sa mga pag-aalsa ng mga Pilipino mula sa panahon ng mga mananakop hanggang sa *EDSA Revolution* kung saan ang mga Pilipino ay *nagsama-sama* upang ipaglaban ang kasarinlan at karapatan laban sa pagsasamantala at pang-aapi (Enriquez, 1992, pp. 89-90).

Sa maikling paglalarawan ng mga kaugaliang Pilipino na nabanggit, makikita ang mahalagang papel na ginagampanan ng *Kapwa* sa ibang kaugaliang Pilipino. Hindi nagiging maganda ang mga kaugaliang ito kung ang mga ito ay isinasabuhay nang walang kinalaman sa *Kapwa*; ang *hiya* ay magiging pagpapahalaga lamang sa sariling puri, ang *utang-na-loob* ay naaabuso ng mga

mapagsamantala, ang *pakikisama* ay magiging sangkap sa mga hindi makataong balangkas ng lipunan, ang *lakas ng loob* at *pakikibaka* ay mawawalan ng ganda at kahulugan, at ang *bahala na* ay magiging tanda ng kawalang-pakialam at katamaran.

### 3.1.2. Si Jesus, Ang Kaharian ng Diyos, at ang mga Dukha

Ang *Church of the Poor* ay hindi lang simpleng pagtugon ng Simbahan sa mga suliranin ng lipunan ngayon. Ito ay nag-uugat kay Jesus na siyang sinusundan ng Simbahan (PCP II, 312-313). Kaya naman, ayon kay Lode Wostyn (1990), kung ating nais malaman kung paano dapat tumugon ang mga miyembro ng Simbahan sa karukhaan at kaapihan ng kanyang kapwa, marapat lamang na tingnan natin ang salita at halimbawa ni Jesus sa Mabuting Balita (p. 76).

Maraming posibleng tinutukoy ang salitang dukha sa Ebanghelyo. Una, ayon kay Albert Nolan (1976), maaaring tumukoy ito sa mga napakasalat sa pangangailangan kaya't nakadepende na lang sila sa awa ng iba. Para sa ating mga taga-silangan, isa ito sa mga kaahiyang-pwedeng mangyari sa isang tao. Ikalawa, pwede ring tumukoy ang salitang dukha sa mga makasalanan, hindi dahil sa sila'y may masamang budhi kundi dahil sa sila'y walang pinag-aralan – ang mga walang alam sa batas at kaugalian (p. 29). Sa mga ganitong klaseng tao madalas ilarawan ng Ebanghelyo si Jesus na nahahabag at nagmamalasakit (e.g. Mt. 9:36, Mc 8:2).

Madalas isalin ang *compassion* sa Filipino bilang *habag*, *malasakit* at *pakikiramay*. Sa ebanghelyo, ito raw ang naramdaman ni Jesus para sa mga dukha at isinasantabi. Sa orihinal na Griyego, ito ay *σπλαγχνίζομαι* (*splagchnizomai*). Ang salitang ugat umano nito ay *σπλάγχνα* (*splagnchna*) na maaaring mangahulugang lamang-loob, puso, o kalooban kung saan nanggagaling ang damdamin (Nolan, 1976, p. 34).

Sa mga dukha ipinangaral at ipinangako ni Jesus ang Kaharian ng Diyos (PCP II, 39). Ngunit ang kaharian na ito ay hindi isang lugar. Higit din ito sa isang sistema ng pamamahala. Ang Kaharian ng Diyos ay walang iba kundi ang pagpaparamdam ng Diyos ng kanyang malasakit at kagandahang-loob (de Mesa & Wostyn, 1989, p. 148). Upang maintindihan natin ang simbolong ito, tingnan

natin ang pag-unawa ni Nolan sa mga salita ni Jesus tungkol sa Kaharian ng Diyos.

Una, isinalungat ni Jesus ang Kaharian ng Diyos laban sa sobrang pagpapahalaga sa kayamanan. Kung titingnan nga, isa sa mga kontrobersyal na pananalita ni Jesus tungkol sa Kaharian ng Diyos ay ang hindi pagkabilang dito ng mga mayayaman hangga't sa sila ay nananatiling mayaman (Mc. 10:21-24). Kung titingnan ang mga pananalitang ito nang nakaugnay sa kabuuan ng mensahe niya ay makikita natin na ang hinihingi ni Jesus ay ang buong pagbabahagi ng yaman sa mga nangangailangan (Nolan, 1976, p. 63). Mababakas natin ang ganitong diwa ng mga salita ni Jesus sa kung paano namuhay ang kanyang mga unang tagasunod (Gw 4:32, 34-35).

Ikalawa, isinalungat ni Jesus ang Kaharian ng Diyos sa mga labis na nagpapahalaga sa katayuan sa buhay, at sa mga titulo. Sa halip, kumiling siya sa mga itinuturing ng lipunan na hindi dapat pahalagahan dahil sa kanilang kawalan ng ranggo upang ipahayag na ang halaga ng isang tao ay hindi dahil sa kung ano ang mayroon siya o kung ano ang katayuan niya sa lipunan, kundi sa simpleng kadahilanan na siya ay tao (Nolan, 1976, p. 70).

Ikatlo, isinalungat ni Jesus ang Kaharian ng Diyos laban sa mga pagkakaisang may isinasantabi. Ayon kay Nolan (1976), ang isa sa pinakamalaking pinagkaiba ng Kaharian ng Diyos at ng kay Satanas ay ang ideya ng pagkakaisa at pakikiisa. Ang kaharian ni Satanas ay may pagkakaisa (Mt. 12:26), ngunit ito ang tipo ng pagkakaisa na may isinasantabi. Samantala, ang Kaharian naman ng Diyos ay may pagkakaisa na sinisikap tanggapin ang lahat ng tao, kahit pa ang mga kaaaway, dahil sa sila ay tao (pp. 74-75).

Ikaapat, isinalungat ni Jesus ang Kaharian ng Diyos sa pag-abuso sa kapangyarihan. Kung sa Kaharian ni Satanas ang kapangyarihan ay nangangahulugang pananakop at pang-aapi, sa Kaharian ng Diyos ito naman ay nangangahulugang paglilingkod (Nolan, 1976, p. 86). Sa lipunan ni Jesus, itinuturing na makapangyarihan ang mga pinunong panrelihiyon. Gamit ang Batas ni Moises nagagawa nilang manakop at mang-api sinasadya man o hindi. Dahil dito, tinuligsa ni Jesus ang dalawang makapangyarihang balangkas sa kanyang lipunan, ang Templo at ang Batas. Ang mga ito, bagamat hindi likas na masama, ay siyang naging saligan ng pang-aapi at pagsasantabi sa mga

dukha (de Mesa & Wostyn, 1989, p. 109). Sa pagsalungat ni Jesus sa maling paggamit ng kapangyarihan ng Batas, ipinaalala niya na ang Batas ay nasulat para sa kapakanan ng tao (Mc. 2:27). At kung ang Batas ay para sa kapakanan ng tao, ganoon din naman ang kahit anong uri ng kapangyarihan.

Tulad ng maraming Judyo, ninais ni Jesus na baguhin ang pangrelihiyon at pulitikal na kalagayan ng kinabibilangan niyang lipunan. Subalit hindi tulad ng mga manghihimagsik noong kanyang panahon, ninais ni Jesus na magbago hindi lamang ang sitwasyon ng lipunan kundi ang kalooban mismo ng mga Judyo (*metanoia*). Sapagkat ang mapang-api at hindi makataong lipunan ng panahon ni Jesus ay hindi basta magbabago dahil lang sa pagkawala ng mga Romano. Mananatili itong mapang-api kung ang mga Judyo mismo ay hindi makatao (Nolan, 1976, pp. 115-116).

Sa lahat ng ginawa na ito ni Jesus, mababakas ang kanyang katapangan. Maaaring naparatangan si Jesus ng maraming bagay tulad ng pagiging matakaw at lasinggero, subalit walang nagparatang sa kanya na siya ay mapagpaimbabaw o takot sa mga masasabi at magagawa ng mga tao sa kanya (Nolan, 1976, p. 114). Handa rin siyang mag-alay ng buhay alang-alang sa kanyang ipinaglalaman. Kung titingnan ngang mabuti, ang apat na Ebanghelyo ay pare-parehong nagsasalaysay na si Jesus ay buong loob na tinanggap ang kanyang kamatayan (Nolan, 1976, pp. 140-141).

Sa lahat ng ginawa at sinabi ni Jesus, malinaw na makikita na ito ay dahil sa pagpapahalaga niya sa mga tao dahil sa sila ay tao. At para kay Jesus, ang Diyos ay kumikiling sa mga tao at ang pagsunod sa kanyang kalooban ay nangangahulugang pagkiling sa mga tao lalo na sa walang maipagmamalaki maliban sa kanilang pagiging tao, kahit na nangangahulugan pa ito ng pag-aalay ng kanyang buhay (de Mesa & Wostyn, 1989, p. 153). Kaya nga't sinasabi ng ilang dalubhasa na kung mayroon mang nagtulak sa mga alagad upang paniwalaan na si Jesus ang Kristo, ang Anak ng Diyos, ito ay hindi dahil inangkin niya ang karangalang ito (Fil. 2:6) o sinabi niyang siya'y kilalanin na ganito, kundi dahil, tulad Diyos, mayroon siyang matinding malasakit para sa kapakanan ng tao (Nolan, 1976, pp. 163-171). Kaya nga't sa huli, masasabi natin na ang

pananampalataya kay Jesus na wala namang pakikiramay at malasakit sa kapwa tao ay kasinungalingan (Nolan, 1976, p. 170).

### 3.2. TALABAN NG KULTURA AT TRADISYONG JUDYO-KRISTYANO

#### 3.2.1. Si Jesus, ang Kapwa at ang Simbahan

Nasabi natin na ang pagiging mali at tama ng mga kaugaliang Pilipino ay nakikita sa kung ang mga ito ay nakaugnay sa *Kapwa* o hindi. Kung titingnan naman natin ang diwa ng mga salita at gawa ni Jesus, makikitang ito ay may bakas ng diwa ng *Kapwa*. Kaya nga, ang pagkilala ni Jesus sa kahit sinong tao dahil sa sila ay tao ay maaaring tingnan bilang pagtuturing sa kanila na *Kapwa*. Mababanaagan din sa mga salita't gawa niya ang mga kaugaliang Pilipino na iniugnay natin sa *Kapwa*. Ating tingnan ang TABLE 1.

TABLE 1. Ang Pagtatalaban ng Salita, Gawa at Diwa ni Jesus at ng mga Kaugalian at Kategoryang Filipino

	SALITA, GAWA AT DIWA NI JESUS	KAUGALIAN AT KATEGORYANG FILIPINO
Pagkilala sa Tao	Ang tao ay mahalaga dahil sa sila ay tao	Ang tao ay <i>Kapwa</i>
Damdamin	ὄντα ἡμεῖς ἵσοιμαί (splagchnizomai)	<u>Pakiramdam</u> – kakikitaan si Jesus ng pagiging sensitibo sa kalagayan ng mga dukha at isinasantabi.
Pagbibigay sa Kapwa (Accommodative Values)	Kahit sinong tao ay dapat pagmalasakitan dahil sa sila ay tao, kahit pa ang mga kaaway.	<u>Utang na Loob</u> – ang mga aral at gawa ni Jesus ay kinakikitaan ng pagkilala sa likas na halaga ng bawat tao. Ang halagang ito ang nag-aatang sa lahat ng utang na dapat panagutan sa lahat ng tao.
	Ang mga mayaman ay dapat ibenta ang kanilang ari-arian upang tulungan ang mga dukha.	<u>Hiva</u> – ang pagkakaroon ng sobrang kayamanan habang ang iba ay salat sa pangangailangan ay maituturing na pagiging <i>walang hiya</i> .
	Ipinaramdam ni Jesus ang likas na halaga ng isang tao sa pamamagitan	<u>Pakikisama</u> – Nakikisama si Jesus sa mga itinuturing

	ng pakikisalamuha niya sa mga itinuturing na walang halaga.	na patapon ng lipunan.
Pagharap sa mga Hamon (Confrontative Values)	Alang-alang sa pinaninindigan niyang kahalagahan ng tao, hindi niya inalintana na mapag-isipan ng masama. Handa rin siyang iaalay ang kanyang buhay para sa paniniwalang ito.	<u>Lakas ng Loob</u> – Kinakitaan si Jesus ng tapang na harapin ang mga hamon at balakid sa kanyang pinaninindigan.
	Malinaw sa kanya na ito ay pakikibahagi sa kalooban ng kanyang <i>Abba</i> . Ang pananampalataya niya sa kanyang <i>Abba</i> ang nagbibigay sa kanya ng <i>Lakas ng Loob</i> .	<u>Bahala na</u> – kinakitaan si Jesus ng pagtiwala sa Diyos
	Hindi ninais ni Jesus na kumilos mag-isa. Nangaral siya ng <i>metanoia</i> upang tawagin ang mga tao na makibahagi sa kaganapan ng paghahari ng Diyos.	<u>Pakikibaka</u> – ipinaglalaman ni Jesus ang kanyang pinanindigan at nangaral siya sa mga tao upang magbago ang kanilang kalooban at kumilos para sa paghahari ng Diyos.

Mula sa mga nabanggit sa itaas, maaari nating sabihing itinataas ng salita, gawa at diwa ni Jesus ang ang halaga Pilipinong kategorya ng *Kapwa* at mga iniugnay na kaugalian dito bilang isang pakikibahagi sa kanyang misyon ng pagpapalaganap ng Kaharian ng Diyos at isang pakikibahagi sa kagandahang-loob ng Diyos sa tao. Sa ganito ring diwa, maaari rin nating gamitin ang kategorya ng *Kapwa* upang ipaliwanag at bigyang katwiran ang mga salita at gawa ni Jesus. At dahil si Jesus ang batayan kung ano dapat ang Simbahan, masasabi rin nating ang kategorya at kaugaliang nabanggit ay maaaring gamitin upang ipaliwanag kung ano ang pagiging Simbahan, lalo na ang pagiging *Church of the Poor* (Mangibin, 2009).

Sa puntong ito, tingnan natin ang tradisyunal na pagkaunawa sa Simbahan. Suriin natin ang kahulugan nito at ang mga posibleng kakulangan, upang sa huli, gamit ang kategoryang ating pinag-aaralan at ang mga kaugaliang iniugnay natin dito ay makapagmungkahi tayo ng bagong pag-unawa sa *Church of the Poor* na mas makahulugan at matalab sa ating mga Pilipino.

Una muna nating tingnan ang katagang Simbahan. Madalas isalin ang *Ekklesia* bilang Simbahan. Problematiko ang salin na ito sapagkat ang Simbahan ay tumutukoy rin sa pook-sambahan, samantalang ang *Ekklesia* ay tumutukoy sa

samahan ng mga taong tinawag ng Diyos. Kaya nga maaari nating sang-ayunan ang panukala ni Rebecca Cacho at de Mesa na tawagin ang Simbahan na Samahang-Kristiyano (de Mesa & Cacho, 2012) upang bigyang diin ang pagiging pangkat ng mga tao na nagkakaisa dahil sa pananampalataya kay Kristo.

Sa *Credo* naman, sinasabing ang tanda ng Simbahan ay ang pagiging iisa, banal, katolika at apostolika. Ang mga palatandaang ito, kung hindi binibigyang kahulugan ng ating nabanggit na diwa ni Jesus, ay nagiging bahagi ng balangkas ng pang-aapi at pagsasantabi (Wostyn, 1990, pp. 11-12). Subalit kung ang mga ito ay titingnan bilang pananagutan at adhikain ayon sa salita, gawa at diwa ni Jesus lumilitaw ang mapagpalaya at makabuhay na kahulugan ng mga ito (Wostyn, 1990, pp. 84-85). Kung iugnay naman natin dito ang *Kapwa* at ang mga kaugaliang kaugnay nito, magiging mas may talab at makahulugan sa mga Pilipino kung ano ang Simbahan, lalo na sa mga dukha at isinasantabi. Ating tingnan ang TABLE 2.

TABLE 2. Ang Pagtatalaban ng mga Tanda ng Simbahan, Diwa ng Pagkilala ni Jesus sa Tao at mga Kategorya at Kaugaliang Filipino

Tanda ng Simbahan at Karaniwang Pagkaunawa (Wostyn, 1990 pp. 11-12)	Kahulugan ayon sa Diwa ng Pagkilala ni Jesus sa Tao (Wostyn, 1990 pp. 86-91)	Kahulugan ayon sa kategorya ng <i>Kapwa</i> at mga kaugaliang Filipino
IISA - Pagkakaparepareho ng pagsamba, doktrina, batas, pamahalaan	Pagkatao at Pananampalataya kay Kristo ang dahilan ng pagkakaisa	Pagsisikap na <i>makipagkapwa/makisama/makipagkaisa</i> sa iba dahil sa sila ay <i>Kapwa</i>  Pagtingin sa yaman ng mundo bilang pinaghahatian ng lahat – may <i>hiya</i> sa wala.  <i>Pinakiramdaman</i> ang pangangailangan ng <i>Kapwa</i> at isinasaalang-alang ang kanilang kalagayan at pananaw.
KATOLIKA - Nasusukat ayon sa dami ng kasapi	Para sa lahat ng Tao.  Binabalewala ang katayuan, yaman at kapangyarihan bilang batayan ng	Pagtuturing sa lahat bilang kapantay at may karapatan dahil sa sila ay <i>Kapwa</i>  Pagkilala sa <i>utang-na-loob</i> sa lahat ng

	pagiging kabilang at karangalan.  Ipinakikita ng pagkiling sa mga “walang maipagmamalaki” maliban sa kanilang pagiging tao.	<i>kapwa-tao</i> lalo na sa mga nangangailangan
BANAL - Madalas na pagtanggap ng mga Sakramento	Pinili, ibinukod, tinawag (Heb. <i>qadosh</i> – ibinukod, banal) hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod	<i>Pakikibaka</i> (pagkakaisa at pakikipaglaban) ng may <i>Lakas ng Loob</i> at pagtitiwala sa Diyos ( <i>Bahala Na</i> ) para sa pinanindigan ng mga Apostol, ni Jesus at upang sundin ang kalooban ng Diyos na <i>ang bawat tao ay mahalaga dahil sa sila ay kapwa- tao</i>
APOSTOLI-KA - Limitado lamang sa mga Lider na itinuturing na tagapagmana ng kapangyarihan ng mga Apostol.	Pagiging tapat sa pagsaksi ng mga Apostol – ang kanilang aral at gawa  Pagpapatuloy ng gawa ng mga Apostol – hindi nangangahulugang kopyahin ang eksaktong ginawa nila dahil iba ang panahon nila kundi pagiging tapat at pagpapatuloy ng diwa ng mga salita at gawa ng mga Apostol at ni Kristo.	

Mula sa mga pag-uugnay na ginawa natin, masasabi nating hindi taliwas ang kategorya ng *Kapwa* at ang mga kaugnay na kaugalian nito sa tradisyunal na palatandaan ng Simbahan. Kung tutuusin, mas pinagyayaman at mas binibigyang lalim nito ang mga banyagang kategoryang ito. Kaya nga, maaari nating sabihin na may potensyal ang kategoryang *Kapwa* upang ipaliwanag nang mas malalim at mas matalab sa mga Pilipino ang diwa ni Jesus at ng Simbahan.

### 3.2. PANIBAGONG PAGKAUNAWA SA TRADISYON AT PANIBAGONG PAGKAUNAWA SA KULTURA

#### 3.2.1. Samahang-Kristiyanong Nakikipagkapwa sa Dukha

Mula sa mga nabanggit, ano ngayon ang *Church of the Poor* ayon sa pagtatalaban ng tradisyong Judyo-Kristyano at kultural na kategoryang *Kapwa*? Masasabi nating ang *Church of the Poor* ay isang *Samahang Kristiyano* kung nais nating patingkarin ang pagiging pangkat ng mananamplataya ang Simbahan. Maaari rin nating idugtong na ito ay samahang nagpapahalaga sa bawat tao bilang *kapwa-tao*, i.e., bilang kapareho ng kalikasan at kapantay ng halaga at dangal mayroon man siyang yaman, kapangyarihan at katayuan o wala. Ito ay naaayon sa ating nakitang diwa ng mga salita at gawa ni Jesus na iniugnay natin sa Pilipinong kategorya ng *Kapwa*. At kung atin pang susundan ang diwa na ito at gagamitin natin ang mga kaugaliang iniugnay ni Enriquez sa *Kapwa*, masasabi natin ang mga sumusunod: alang-alang sa pagkakapantay ng mga miyembro ng *Samahang-Kristiyano* sa kanilang *kapwa*, handa silang *makisama* sa *kapwa* upang sa bandang huli ay *makaisa* sila, magsisikap silang managot sa *utang na loob sa kapwa*, at sila ay may *hiya* lalo na sa mga salat. Handa rin ang samahang ito na *makibaka* ng may *lakas ng loob at tiwala sa Diyos (Bahala na)* para sa mga nasasagasaan ang pagkatao. Ginagawa nila ito bilang pagtugon sa kanilang *pakikiramdam* sa *kapwa* at sa pakikiisa sa salita, gawa at diwa ni Jesus at sa kagandahang loob ng Diyos. Sa madaling salita, ang *Church of the Poor* ay *Samahang-Kristiyanong Nakikipagkapwa sa Dukha*.

#### 3.2.2. Pagkilatis sa Bagong Pananaw (de Mesa, 2003, pp.172-183)

##### 3.2.2.1. Katapatan sa Tradisyong Judyo-Kristiyano

Sa pagmumungkahi ng pag-unawa na ito sa *Church of the Poor*, may mga pinagbatayan ang PCP II na hindi na binigyang diin. Halimbawa, higit sa *Evangelical Poverty* na karaniwang iniugnay sa *asceticism* at dualismong pananaw, mas binigyang diin ang *hiya sa kapwa* na salat sa pangangailangan habang ang iba ay nagpapasasa sa labis. Ganoon pa man, bagamat hindi na ginamit o binigyang diin ang mga tradisyunal na kanluraning mga kategorya, makikita naman natin na ang *Kapwa* at ang mga kaugaliang iniugnay natin dito ay hindi taliwas sa diwa ng mga salita at gawa ni Jesus at ng unang pamayanang Kristiyano.

### 3.2.2.2. Kaugnayan sa Tamang Pagsasabuhay ng Pananampalataya

Masasabi nating malaki ang potensyal ng kategorya ng *Kapwa* bilang ating pamantayan sa pagsunod sa diwa ng mga salita at gawa ni Jesus. Tinutuligsa ng kategoryang ito ang mga balangkas ng ating lipunan na nagsasantabi sa mga walang yaman, walang kapangyarihan at walang katayuan sa buhay. Tinutuligsa rin nito ang mga mapagsantabing balangkas ng Simbahan sa Pilipinas. Ayon kay Bacani (2005), sa kabila ng mga aral ng PCP II at ng mga programa para sa mga dukha, marami pa rin sa mga mahihirap ang hindi nakikita ang Simbahan at ang mga lider nito bilang kaibigan. Maaaring nating ipagpalagay na pwedeng ang pagtulong ng Simbahan ay maaaring mas nakakapagpababa ng tingin sa sarili ng tinutulungan kung hindi naiparamdam ng tumutulung sa tinutulungan na siya ay *Kapwa* (Picardal, 2012, p. 9).

## 4. KONKLUSYON

Inaasahang ang bagong pananaw na ito ay makapagbigay liwanag sa mga kasalukuyang sitwasyon ng Simbahan, makatulong sa pakikibahagi ng mga karaniwang Pilipinong Katoliko sa adhikain ng Simbahan na maging *Church of the Poor* (o sa ating pagninilay ay *Samahang-Kristiyanong Nakikipagkapwa sa Dukha*), makatulong sa pag-aaral at pagkalas sa mga mapang-aping balangkas ng lipunan, at maging gabay sa pagsasabuhay ng diwa ng salita't gawa ni Jesus at ng kalooban ng Diyos. Kung magkakaganoon, papasa ang bagong pananaw na ito sa ikatlong pamantayan ng Hermenyutiko ng Pagpapahalaga – ang pagtanggap ng sambayanang Kristiyano (de Mesa, 2003, pp. 182-183). Subalit kung hindi naman, inaasahang nakatulong ang pagtatangka na ito sa talaban ng kultura at Judyo-Kristiyanong Tradisyon tungkol sa adhikain ng Simbahang maging *Church of the Poor*.

## 5. PAGKILALA

Ang may akda ay nagpapasalamat kay Dr. Willard Enrique R. Macaraan na *professor* sa kursong *A-Lay Centered Church (Term 1 A.Y. 2015-2016)* at sa mga estudyante ng nasabing klase dahil

sa kanilang mga pagwawasto, payo at mga mungkahi.

Kinikilala rin ng may akda si Asst. Prof. Erlindo Sevilla, Jr. ng Colegio de San Juan de Letran-Bataan, na siyang nagwasto ng balarila ng papel na ito.

Kinikilala rin ng may akda si Dr. Jose M. de Mesa na nagmulat sa kanya sa kahalagan ng kultura sa pagteteolohiya.

## 6. TALASANGGUNIAN

Bacani, T. (2005). *Church of the Poor: The Church in the Philippines' Reception of Vatican II. East Asian Pastoral Review, 42(1-2)*. Retrieved October 6, 2015, from <http://www.eapi.org.ph/resources/eapr>

Catholic Bishops' Conference of the Philippines. (1992). *Acts and Decrees of the Second Plenary Council of the Philippines*. Pasay City: St. Paul Publications.

De Guia, K. (2005). *Kapwa: The Self in the Other*. Pasig City: Anvil Publications.

de Mesa, J. (2003). *Why Theology is Never Far from Home*. Manila: De La Salle University Press.

de Mesa, J. (2008). *Bakas: Retrieving the Sense of Sacramentality of the Ordinary*. Pasig City: Anvil Publications.

de Mesa, J., & Cacho, R. (2012). *Becoming Church Being Sacrament: A Filipino Ecclesiology for College Students*. Manila: St. Scholastica's College.

de Mesa, J., & Wostyn, L. (1989). *Doing Christology: The Re-appropriation of a Tradition*. Quezon City: Claretian Publications.

Dulles, A. (1987). *Models of the Church*. New York: Doubleday and Company.

Enriquez, V. (1992). *From Colonial to Liberation Psychology: The Philippine Experience*. Quezon City: The University of Manila Press.



- Jocano, F. L. (1997). *Filipino Value System: A Cultural Definition*. Quezon City: PUNLAS Research House.
- Mangibin, F. (2009). Church of the Poor: Revisiting the Social Teachings of the Church. *Lumina*. Retrieved October 6, 2015, from <http://lumina.hnu.edu.ph/articles/mangibinOct09.pdf>
- Nolan, A. (1976). *Jesus Before Christianity*. Quezon City: Claretian Publications.
- Picardal, A. (2012). Spirituality and the Church of the Poor. *Lecture Series on Spirituality*. XI, pp. 1-24. Quezon City: Institute of Spirituality in Asia.
- Reyes, J. (2015). Loob at Kapwa: An Introduction to a Filipino Virtue Ethics. *Asian Philosophy*, 148-171. Retrieved October 5, 2015, from <https://www.academia.edu>
- Santiago, C., & Enriquez, V. (1976). Tungo sa makaPilipinong Pananaliksik. *Sikolohiyang Pilipino: Mga Ulat at Balita*, 3-10.
- Wostyn, L. (1990). *Doing Ecclesiology: Church and Mission Today*. Quezon City: Claretian Publication.